フィリピノ語版 (Filipino)

# Impormasyon Tungkol sa Buwis sa Sasakyan (Batay sa Uri)

## Huling araw ng pagbabayad ay sa ika-31 ng Mayo

Lalawigan ng Shizuoka

■ Buwis na Pinapataw sa Sasakyan (Sa mga nagmamay-ari ng sasakyan ng ika-1 ng Abril)

| Uri ng Sasakyan | Pangalan ng buwis | Uri ng buwis |
|---|---|---|
| Pampasaherong sasakyan | **Buwis sa sasakyan batay sa uri** | Panlalawigang buwis |
| Maliliit na sasakyan/*kei jidōsha* (Sasakyan na may kapasidad na 600cc at pababa) | Buwis sa maliliit na sasakyan | Panglungsod na buwis |

■ Halaga ng Buwis sa Sasakyan

Ang halaga ng buwis ay itinakda batay sa uri ng sasakyan (pampasahero, trak atbp), kapasidad ng makina at pinakamabigat na kargang maaaring lulan nito. Subalit, maaaring magbago ang halaga ayon sa epekto ng ibinubuga nitong usok at konsumo ng gasolina.

・ Pangunahing halaga ng buwis

**Pampasaherong Sasakyan**

| Pagkakahati | Pribadong Gamit | | Pang-negosyong Gamit |
|---|---|---|---|
| | Bagong sasakyan na unang inirehistro bago ika-30 ng Setyembre 2019 | Bagong sasakyan na unang ini-rehistro mula ika-1 ng Oktubre 2019 | |
| 1,000cc at pababa na kapasidad, de-kuryenteng sasakyan | ¥29,500 | ¥25,000 | ¥7,500 |
| Mahigit sa 1,000 cc pero hindi lagpas sa 1,500cc na kapasidad | ¥34,500 | ¥30,500 | ¥8,500 |
| Mahigit 1,500cc pero hindi lagpas sa 2,000cc na kapasidad | ¥39,500 | ¥36,000 | ¥9,500 |
| Mahigit sa 2,000cc pero hindi lagpas sa 2,500cc na kapasidad | ¥45,000 | ¥43,500 | ¥13,800 |
| Mahigit sa 2,500cc pero hindi lagpas sa 3,000cc na kapasidad | ¥51,000 | ¥50,000 | ¥15,700 |

**Trak**

| Pagkakahati | Pribadong Gamit | Pang-negosyong Gamit |
|---|---|---|
| Hindi lagpas sa 5 tonelada ang pinakamabigat na kayang karga | ¥8,000～¥25,500 | ¥6,500～¥18,500 |
| Mahigit sa 5 tonelada pero hindi lagpas sa 8 tonelada ang pinakamabigat na kayang karga | ¥30,000～¥40,500 | ¥22,000～¥29,500 |

■ Pagbabayad ng Buwis sa Sasakyan Batay sa Uri

Bayaran ang buwis sa sasakyan batay sa uri hanggang ika-31 ng Mayo. Kapag nahuli sa pagbabayad, papatawan ng multa. Kaya bayaran natin ito bago ang huling araw.

① Awtomatikong pagkaltas sa inyong pondo sa bangko (rekomendasyon)
Ang mga nagnanais na gumamit ng serbisyong ito, makipag-ugnayan sa inyong bangko.
② App ng pagbabayad sa smartphone
③ Kredit kard
Sa pamamagitan ng "Portal sa Pagbabayad ng Lokal na Buwis"
( (https://www.payment.eltax.lta.go.jp/pbuser))
④ Pay-Easy
Sa pamamagitan ng ATM, internet o mobile banking na nag-poproseso ng Pay-Easy.
⑤ Convenience store, mga tindahan na may MMK
⑥ Tanggapan ng bangko at post office.

## ■ Katibayan ng Pagbabayad ng Buwis

Ang mga magpapa-inspeksiyon ng sasakyan sa loob ng 3 linggo pagkatapos magbayad ng buwis ay maaaring hingan ng katibayan ng pagbabayad. Kaya mainam na magbayad sa lugar na maaaring magbigay ng resibo tulad ng teller sa bangko at post office, convenience store o di kaya sa mga lugar na may MMK *(multi-media kiosk)*.

## ■ Pagbabawas at Iksemsiyon sa Buwis sa Sasakyan Batay sa Uri

(Ang mga sumusunod ay maaaring mabawasan ang halaga ng buwis)

- Mga sasakyan na eksklusibong ginagamit ng mga taong may pisikal o mental na kapansanan.
- Mga sasakyan na napinsala ng kalamidad at iba pang hindi maiiwasang sakuna.

Para sa detalye, kumonsulta sa pinakamalapit na Opisina ng Pananalapi.

## ■ Pagpaparehistro ng Sasakyan

Mangyaring ipagbigay alam sa Departamento ng Transportasyon kung maganap ang mga sumusunod.

① Ibinenta o inilipat ang pagmamay-ari ng sasakyan o di kaya ipinabasura ito.

② Nagpalit ng adres

＊Kapag hindi ninyo ipinaalam ito, maaaring magka-problema tulad ng pagtanggap ng abiso na magbayad ng buwis sa dating sasakyan.

Para sa katanungan tungkol sa pagpaparehistro (Sa wikang Hapon lamang)

| Pangalan | Adres | Telepono |
|---|---|---|
| Departamento ng Transportasyon sa Shizuoka | 〒422-8004 Shizuoka-shi, Suruga-ku, Kuniyoshida 2-4-25 | (050)5540-2050 |
| Opisina para sa Inspeksiyon at Pagpaparehistro, Numazu, Departamento ng Transportasyon | 〒 410-0312 Numazu-shi, Hara Azafuruta 2480 | (050)5540-2051 |
| Opisina para sa Inspeksiyon at Pagpaparehistro, Hamamatsu, Departamento ng Transportasyon | 〒 435-0007 Hamamatsu-shi, Chuo-ku, Ryūchū Motomachi 11-1 | (050)5540-2052 |

## ■ Tanggapan na Tumutugon sa Katanungan Ukol sa Buwis sa Sasakyan Batay sa Uri

| Opisina ng Pananalapi | Adres | Telepono | Saklaw na Lugar |
|---|---|---|---|
| Shimoda | 〒415-0016 Shimoda-shi Naka 531-1<br>PTO-shimoda-kazei@pref.shizuoka.lg.jp | (0558)<br>24-2018 | Lungsod ng Shimoda, Higashi-izu cho, Kawazu-cho, Minami-izu cho, Matsuzaki-cho at Nishi-izu cho |
| Atami | 〒413-8686 Atami-shi, Minaguchi-cho 13-15<br>PTO-atami-kazei@pref.shizuoka.lg.jp | (0557)<br>82-9061 | Lungsod ng Atami at Ito |
| Numazu | 〒410-8520 Numazu-shi, Takashima-honcho 1-3<br>PTO-numazu-jidosha@pref.shizuoka.lg.jp | (055)<br>920-2019 | Lungsod ng Numazu, Mishima, Gotemba, Susono, Izu, Izunokuni, Kannami-cho, Shimizu-cho, Nagaizumi-cho at Oyama-cho |
| Fuji | 〒416-8544 Fuji-shi, Motoichiba 441-1<br>PTO-fuji-kazei@pref.shizuoka.lg.jp | (0545)<br>65-2118 | Lungsod ng Fujinomiya at Fuji |
| Shizuoka | 〒422-8630 Shizuoka-shi, Suruga-ku, Ariake-cho 2-20<br>PTO-shizuoka-jidosha-@pref.shizuoka.lg.jp | (054)<br>286-9130 | Lungsod ng Shizuoka |
| Fujieda | 〒426-8663 Fujieda-shi, Setoaraya 362-1<br>PTO-fujieda-kazei@pref.shizuoka.lg.jp | (054)<br>644-9122 | Lungsod ng Shimada, Yaizu, Fujieda, Makinohara, Yoshida-cho at Kawanehon-cho |
| Iwata | 〒438-0086 Iwata-shi, Mitsuke 3599-4<br>PTO-iwata-kazei@pref.shizuoka.lg.jp | (0538)<br>37-2211 | Lungsod ng Iwata, Kakegawa, Fukuroi, Omaezaki, Kikugawa at Mori-machi |
| Hamamatsu | 〒430-0929 Hamamatsu-shi, Chuo-ku Chuo1-12-1<br>PTO-hamamatsu-jidosha@pref.shizuoka.lg.jp | (053)<br>458-7132 | Lungsod ng Hamamatsu at Kosai |